


# Pitong Mga Hakbang Ayon sa Biblia Tungo sa Iyong Kaligtasan

© SCRIPTURE GRAPHICS MINISTRY

For more copies please contact Pastor Larry C. Reyes
United Pentecostal Church27 I. Reyes St., Purok 6 Lower Bicutan,
Tagig, Metro Manila

# Hakbang #1: PANANAMPALATAYA

" Kung walang ***pananampalataya***, hindi tayo kalulugdan ng Dios, pagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay ***dapat maniwala***..." (Hebreo 11:6)


Kailangang sampalatayanan mo si Jesus ayon sa pagtuturo ng Biblia. Siya ay Dios na nagkatawang tao (I Tim. 3:16) at hindi ang ikalawang persona sa Trinidad. Si Jesus ang Una (hindi ikalawa) at Siya rin ang Huli, Siya ang Alpa at Omega (Apoc. 1:8, 17). Sampalatayanan mo na ang Dios ay iisa lamang at walang tatlong persona sa pagka-Dios. Sampalatayanan mo na ang Dios ay naparito sa lupa upang tayo'y iligtas sa mga kasalanan at ito'y naganap sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao upang Siya mismo ang mag-alay ng sakdal na dugo para sa ating mga kasalanan (Gawa 20:28).



## Hakbang #2: PAGSISISI


"Kaya ***magsisi na kayo ngayon*** at magbalik-loob sa Dios. Sa gayon papawiin niya ang inyong mga kasalanan..." (Gawa 3:19).

"***Talikdan ninyong lahat ang inyong mga kasalanan*** at kumuha kayo ng bagong puso..." (Ezekiel 18:31).



# Hakbang #3: BAUTISMO

"Ang sinumang sumampalataya at ***mabautismuhan*** ay maliligtas, ngunit ang hindi sumampalataya ay hahatulan" (Marcos 16:16). "Sumagot si Pedro, Magsisi kayo at ***magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo*** para patawarin kayo sa mga kasalanan..." (Gawa 2:38).



Ang katagang "bautismo" ay nagmula sa wikang Griego na "baptizo" na ang kahulugan ay ilibing, ilubog, o tabunan. Isinagawa ng mga Cristiano noong unang siglo ang pagbabautismo sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig ng sinumang tumatanggap nito, at binabanggit ng nagsasagawa ng bautismo ang pangalan in Jesu-Cristo.






## Hakbang #4: PAGTANGGAP SA ESPIRITU SANTO

"Nang dumating ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay sama-sama sa isang lugar. Napuspos sila ng Espiritu Santo at nagsalita ng iba't -ibang wika, ayon sa kaloob sa kanila ng Espiritu" (Gawa 2:1,4).





## Hakbang #5:
## PAGPAPAKABANAL


"...linisin natin ang ating sarili sa lahat ng bagay na makapagpaparumi sa ating katawan at espiritu. Mamuhay tayo sa kabanalan at pagkatakot sa Dios" (2 Corinto 7:1).

"Sikapin ninyong makapamuhay na... may kabanalan; pagkat kung walang kabanalan ay di makikita ang Panginoon" (Hebreo 12:14).




## Hakbang #6: PAGDALO SA MGA PAGSAMBA

"Huwag nating pabayaan ang ating pagkakatipon, tulad ng ginagawa ng iba, kundi palakasin ang loob ng isa't-isa; lalo na ngayong nakikita na nating dumarating na ang araw" (Hebreo 10:25).



# Hakbang #7: PAGTITIIS

**"...siyang makapagtiis hanggang sa wakas ay maliligtas"**
**(Mateo 10:22).**

**"Magpigil kayo sa sarili at maging handa. Ang diyablo na inyong kaaway ay aali-aligid at umaatungal na parang leon at humahanap ng masisila"**
**(1 Pedro 5:8).**

